

Hunyo 4, 2020

Kautusang Tagapagpaganap 2020-40

**KAUTUSANG TAGAPAGPAGANAP TUGON SA COVID-19**  
**(COVID-19 KAUTUSANG TAGAPAGPAGANAP BLG. 38)**

**SAPAGKAT**, ang Coronavirus 2019 (COVID-19), isang bagong malubhang sakit sa paghinga, ay mabilis na kumalat sa buong Illinois sa isang maikling panahon, na nangangailangan ng mahigpit na gabay mula sa pederal, estado, at lokal na opisyal ng kalusugan ng publiko at makabuluhang hakbang upang tumugon sa pagtaas ng kalamidad sa kalusugan ng publiko; at,

**SAPAGKAT**, ang COVID-19 ay kumakalat sa mga tao sa pamamagitan ng transmisyong sa respirasyon, ang mga taong walang sintomas ay maaaring magpasa ng virus, at sa kasalukuyan ay wala itong epektibong paggamot at bakuna; at,

**SAPAGKAT**, noong Marso 9, 2020, ako, JB Pritzker, Gobernador ng Illinois, ay ipinahayag na lahat ng kondehan sa Estado ng Illinois bilang lugar ng sakuna bilang pagtugon sa pagkalat ng COVID-19; at,

**SAPAGKAT**, noong Abril 1, 2020, ipinahayag ko ang lahat ng mga kondehan sa Estado ng Illinois bilang isang lugar ng kalamidad dahil sa mabilis na pagkalat ng COVID-19; at,

**SAPAGKAT**, noong Abril 30, 2020, dahil sa inaasahang patuloy na pagkalat ng COVID-19, ang mga nagresultang epekto sa kalusugan sa buong Estado, pati na rin ang pangangailangan upang matugunan ang mga potensyal na kakulangan ng mga kama ng ospital, mga kama ng ICU, mga makinang tulong sa paghinga, kagamitan para sa personal na proteksiyon at mga materyales para sa pagsubok para sa virus, ipinahayag ko ang lahat ng mga kondehan sa Estado ng Illinois bilang isang lugar ng kalamidad; at,

**SAPAGKAT**, noong Mayo 29, 2020, dahil sa libu-libong buhay na nawala sa COVID-19 sa Illinois, ang patuloy na pagtaas ng mga kaso, ang patuloy na banta ng mga kakulangan sa mga kama sa ospital, kama sa ER, at mga makinang tulong sa paghinga, ang pinabuti ngunit hindi pa rin sapat na kapasidad sa pagsubok, at ang pagbagsak ng ekonomiya na dulot ng virus, muli kong idineklara ang lahat ng mga kondehan sa Estado ng Illinois bilang isang lugar ng kalamidad (kasama ang mga naunang proklamasyon na nakilala sa Kautusang Tagapagpaganap na ito, ang Gubernatorial Disaster Proclamations); at,

**SAPAGKAT**, kinakailangan at nararapat para sa Estado ng Illinois na magpatuloy na gumawa ng agaran at makabuluhang mga hakbang upang maiwasan o mapabagal ang pagkalat ng COVID-19 at protektahan ang kalusugan ng publiko sa pagsiklab ng COVID-19; at,

**SAPAGKAT**, ang Pagpapanumbalik ng Illinois ay isang limang-yugtong plano upang buksan muli ang Illinois, ginagabayan ng mga sukatan sa kalusugan at kasama ang maingat na pagpapatuloy ng natatanging mga negosyo, edukasyon, at libangan sa bawat yugto; at,

**SAPAGKAT**, ang plano ng Pagpapanumbalik ng Illinois ay nagtatag ng apat na mga rehiyon sa kalusugan sa Illinois, bawat isa ay may kakayahang nakapag-iisa na kumilos sa pamamagitan ng may yugtong diskarte; at,

**SAPAGKAT**, noong Hunyo 4, 2020, ang lahat ng apat na mga rehiyon ng kalusugan ay lumipat sa Yugto 3 ng plano ng Pagpapanumbalik ng Illinois; at,

**SAPAGKAT**, pinapayagan ng Yugto 3 ang mga paaralan na magbukas muli at magbigay ng limitadong personal na pagtuturo, alinsunod sa patnubay ng Illinois Department of Public Health (IDPH); at,

**SAPAGKAT**, ang Kautusang Tagapagpaganap 2020-38 ay ipinag-uutos ang pagkakaroon ng distansya sa kapwa, pagsusuot ng mga takip sa mukha sa mga pampublikong lugar at sa tuwing ang isang anim na talampakan na distansya sa kapwa ay hindi palagiang mapapanatili, at paglilimita sa mga pagtitipon sa sampung tao o mas kaunti; at,

**SAPAGKAT**, ang Lupon ng Edukasyon ng Estado ng Illinois at IDPH ay naglalabas ng gabay at mga rekomendasyon para sa mga paaralan na pinipiling lumipat sa limitadong personal na pagtuturo sa panahon ng Yugto 3; at,

**SAPAGKAT**, ang Child Labor Law, 820 ILCS 205/1 et seq., ay pinapayagan ang Tagapamahala ng mga Paaralan ng Lungsod at Kondehan, o ang kanilang mga nararapat na ahente, na mag-isyu ng mga sertipiko sa pagtatrabaho para sa mga menor de edad na nagnanais na magtrabaho; at,

**SAPAGKAT**, ang Child Labor Law, 820 ILCS 205/12, ay nangangailangan ng isang aplikasyon para sa isang sertipiko sa pagtatrabaho upang maipasa nang personal ng menor de edad na nagnanais na magtrabaho; at,

**SAPAGKAT**, ang mga pagsara sa paaralan at opisina na nagresulta mula sa pagsiklab ng COVID-19 ay nagpapahirap, at kung minsan ay imposible, upang magsumite at magproseso ng mga aplikasyon ng sertipiko sa pagtatrabaho habang tinitiyak ang kaligtasan ng mga mag-aaral, pamilya, at empleyado;

**SAMAKATUWID**, sa pamamagitan ng mga kapangyarihang ibinigay sa akin bilang Gobernador ng Estado ng Illinois, alinsunod sa Konstitusyon ng Illinois at mga Seksyon 7(1), 7(2), 7(8), 7(12) ng Illinois Emergency Management Agency Act, 20 ILCS 3305, at kahanay ng parehong mga kapangyarihan sa mga batas sa kalusugang pampubliko, inuutos ko ang mga sumusunod, simula Hunyo 4, 2020:

Seksyon 1. Ang lahat ng mga pampubliko at hindi pampublikong paaralan sa Illinois na naghahain ng pre-kindergarten hanggang ika-12 na grado na mga mag-aaral ay maaaring magbukas para sa limitadong mga personal na pang-edukasyon na layunin, tulad ng klase sa tag-init, kasunod ng pagkumpleto ng regular na termino ng paaralan 2019-2020. Ang lahat ng mga pampubliko at hindi pampublikong paaralan ay maaaring magpatuloy na magbigay ng pagkain at iba pang serbisyo na hindi pang-edukasyon. Dapat sundin ng mga paaralan ang patnubay ng IDPH sa Yugto 3 at gumawa ng mga aktibong hakbang upang matiyak ang kaligtasan ng mga mag-aaral, kawani, at mga bisita, kasama, ngunit hindi limitado sa:

- a. Limitahan ang bilang ng mga tao sa isang lugar hanggang sampu o mas kaunti, na naaayon sa gabay sa kalusugan ng publiko.
- b. Ang pagtiyak sa pagsunod sa mga kinakailangan sa pagpapanatili ng distansya sa kapwa sa abot ng makakaya. Para sa mga layunin ng Kautusang Tagapagpaganap na ito, ang pagpapanatili ng distansiya sa kapwa ay may kasamang pagpapanatili ng hindi bababa sa anim na talampakan mula sa ibang mga indibidwal at hindi paghihikayat sa pakikipag-ugnay sa pagitan ng mga indibidwal.
- c. Ang pagtiyak ng naaangkop na mga kasanayan sa kalinisan, kabilang ang paghuhugas ng kamay gamit ang sabon at tubig nang hindi bababa sa dalawampung segundo nang madalas hangga't maaari o gumagamit ng hand sanitizer, pagtakip sa ubo o bahing (sa manggas o siko, hindi mga kamay), hindi paghihikayat sa paghihiraman ng mga personal na bagay, at regular na paglilinis ng mga madalas na hinahawakang bagay.
- d. Nangangailangan ng paggamit ng naaangkop na personal na kagamitan sa proteksiyon, kabilang ang paggamit ng mga takip ng mukha ng mga mag-aaral, kawani, at mga bisita na higit sa edad na dalawa at maaaring medikal na tiisin ang takip sa mukha. Ang mga paaralan ay dapat magbigay ng mga takip ng mukha sa lahat ng mga empleyado na hindi mapanatili ang isang minimum na anim na

talampakang distansiya sa kapwa sa lahat ng oras at, hangga't maaari, ay mayroong disposable na takip sa mukha na magagamit ng lahat ng mga mag-aaral.

Seksyon 2. Sa buong panahon ng Gubernatorial Disaster Proclamations, ang probisyon sa Child Labor Law, 820 ILCS 205/12, ang pangangailangan ng aplikasyon para sa isang sertipiko sa pagtatrabaho na isusumite ng personal ng menor de edad na nagnanais na magtrabaho, ay suspendido. Ang probisyon na naaayon sa batas ay suspendido lamang kaugnay ng pangangailangan na isumite nang personal ang mga aplikasyon. Ang Kagawaran ng Paggawa ng Illinois ay magpapatupad ng mga patakaran sa emerhensiya upang magbigay ng isang alternatibong proseso para sa pagsusumite at pag-apruba ng mga aplikasyon para sa mga sertipiko sa pagtatrabaho na inisyu alinsunod sa 820 ILCS 205/12.

Seksiyon 3. Ang Kautusang Tagapagpaganap na ito ay pumipigil sa anumang salungat na probisyon ng anumang iba pang naunang Kautusang Tagapagpaganap. Ang anumang mga probisyon na hindi salungat sa mga nasa Kautusang Tagapagpaganap na ito ay dapat manatili nang buong lakas at epekto.

Seksyon 4. Kapag anumang probisyon ng Kautusang Tagapagpaganap na ito o aplikasyon nito sa sinumang tao o pangyayari ay hindi wasto ayon sa anumang korte ng karampatang hurisdiksyon, ang kawalang-bisa na ito ay hindi nakakaapekto sa anumang probisyon o aplikasyon ng Kautusang Tagapagpaganap na ito, na maaaring bigyang bisa nang wala ang imbalidong probisyon o aplikasyon. Upang makamit ang layuning ito, ang mga probisyon ng Executive Order na ito ay idineklara na maaaring tapusin.

---

**JB Pritzker, Gobernador**

Inisyu ng Gobernador Hunyo 4, 2020  
Isinampa ng Kalihim ng Estado Hunyo 4, 2020